

Pag-aplay para sa visa

Tseklist para sa mga migranteng manggagawa

Binabago ng Accredited Employer Work Visa (AEWV) ang paraan kung paano kukuha ang mga tagapag-empleyo ng mga migranteng manggagawa para sa pansamantalang trabaho. Ang mga akreditadong tagapag-empleyo ay makakakuha ng mga migranteng manggagawa para sa marapat na mga trabaho kapag naipasa nila ang mga kahingian ng pagsusuri ng trabaho. Kabilang dito ang pagsiguro muna na walang sinumang taga-New Zealand na makagagawa ng trabaho. Kapag naaprubahan nang magpatuloy ang isang akreditadong tagapag-empleyo sa pagkuha ng migranteng manggagawa para sa isang trabaho, maaari nilang hilingan ang isang manggagawa na mag-aplay para sa AEWV.

Ang tseklist na ito ay para suportahan ang mga migranteng manggagawa na nahilingang mag-aplay para sa AEWV.

Bago ka magsimula

Upang malaman ang tungkol sa proseso ng aplikasyon para sa AEWV, bisitahin ang immigration.govt.nz/applying-for-aewv
Upang mag-aplay para sa isang AEWV, kailangan mo ng:

- email mula sa Immigration New Zealand (INZ) na hinihilingan kang mag-aplay para sa isang AEWV. Ang email ay may kasamang link sa isang page para tanggapin ang hiling. Pagkatapos, sasabihan kang mag-sign in sa Immigration Online system at mag-access sa iyong draft na aplikasyon para sa AEWV
- isang **RealMe® login** para maka-access sa Immigration Online. Kung wala ka pang RealMe account, maaari kang humiling nito kapag sinimulan mo na ang proseso ng pag-aplay para sa visa
- kopya ng kasunduan ng pagtatrabaho at kopya ng nilagdaang alok ng trabaho mula sa iyong tagapag-empleyo. Ang nilagdaang alok ay hindi kailangang isang hiwalay na dokumento sa kasunduan ng pagtatrabaho kung ito ay nilagdaan mo at ng tagapag-empleyo
- isang credit card o debit card. Tinatanggap namin ang Visa, MasterCard, China UnionPay, AMEX at JCB, o
- isang online bank account – maaari kang magbayad gamit ang POLi (internet banking)
- isang litratong pang-pasaporte.

Mga kahingian para sa katanggap-tanggap na mga litrato para sa visa

Kailangan mo ring mag-upload ng mga dokumento upang suportahan ang iyong aplikasyon, gaya ng:

- iyong pasaporte, mga sertipiko mula sa pulisya (kung nauukol) at mga detalye ng pagkamamamayan
- ebidensya ng pagtatrabaho, kabilang ang iyong nilagdaang kasunduan sa pagtatrabaho, at kwalipikasyon o mga dokumento ng rehistrasyon ng hanapbuhay
- kung mayroon kang mga sinalinwikang dokumento, ang sertipikado o opisyal na pagkasalin.

Pagsasalin sa Ingles ng mga dokumentong pangsupta

- Rebyuhin ang tseklist upang tiyaking mayroon ka ng lahat ng impormasyon at ebidensyang kailangan mo para magsumite ng iyong aplikasyon.

Mga kahingian sa visa



Upang kumpletuhin ang online application form, kailangan mong sagutin ang mga tanong at magbigay ng mga detalye sa mga sumusunod na pahina ng form:

Pagkakakilanlan

Kumpirmahin ang iyong mga detalyeng personal at contact, kabilang ang:

- kung nakapag-aplay ka na dati para sa New Zealand na visa
- mga detalye ng pasaporte at kapanganakan
- kung nakapagbigay ka na dati ng sertipiko mula sa pulisya.
Kung ikaw ay nakapagbigay na ng sertipiko mula sa pulisya sa nakaraang aplikasyon para sa visa, ito ay dapat naisyu sa loob ng huling 24 na buwan. Kung magbibigay ka ng sertipiko mula sa pulisya para sa bagong aplikasyon, ito ay dapat wala pang 6 na buwan kapag nagsumite ka ng iyong aplikasyon. Kailangan mong mag-upload ng sertipiko o resibo
- mag-upload ng isang may mataas na kalidad na digital na litrato ng iyong ulo hanggang mga balikat.

Trabaho (ang karamihan ng impormasyong ito ay dapat kasama na sa iyong online na aplikasyon)

Kumpirmahin:

- na tama ang pangalan ng iyong tagapag-empleyo, ayon sa nakasaad sa iyong kasunduan sa pagtatrabaho
- kung ang iyong tagapag-empleyo ay miyembro ng pamilya o hindi
- kung ang trabaho ay para sa self-employment o hindi (hindi ka maaaring mag-aplay para sa AEWV kung ikaw ay self-employed)
- na tama ang paglalarawan ng iyong trabaho, ayon sa nakasaad sa iyong kasunduan sa pagtatrabaho
- na tama ang iba pang mga detalye ng posisyon, kabilang ang paglalarawan ng trabaho, ANZSCO code (Australian and New Zealand Standard Classification of Occupations), lingguhang oras ng trabaho at uri ng pagtatrabaho
- ang ibabayad sa iyo. Kung ikaw ay hindi babayaran ng suweldo, kailangan mong kalkulahan ang bayad sa iyo kada oras. Para sa karagdagang impormasyon at sa pagkalkula ng mga halaga ng suweldo, pumunta sa immigration.govt.nz/calculating-pay-rates
- ang rehistrasyon ng iyong hanapbuhay. Tatanungin ka tungkol sa rehistrasyon depende kung ang iyong trabaho ay may nakatambal na ANZSCO code at kung ang iyong trabaho ay nasa **Green List**
- kung sa kasalukuyan ikaw ay sumusuporta o nagbabalak sumuporta sa mga umaasang anak na may hawak na visitor o student visa. Kung gayon, ang iyong kita ay dapat manatiling mas mataas kaysa sa pinakamababa na maaaring kitain.

▼ Pagkatao

Tatanungin ang lahat ng mga aplikante para sa visa kung sila ay nakagawa ng anumang mga pagkakasala, kasalukuyang iniimbestigahan, o nai-deport o tinanggihang papasukin sa isang bansa.

▼ Maaaring kailangan mong mag-upload ng sertipiko mula sa pulisya o resibo kung ikaw ay tumira sa ibang bansa.

▼ Kalusugan

Tatanungin ang lahat ng mga aplikante para sa visa tungkol sa kalagayan ng kanilang kalusugan. Titingnan namin kung dati ka nang nakapagbigay ng mga sertipikong medikal o x-ray **makaraang** maisumite mo ang iyong aplikasyon, at ipapaalam sa iyo kung may anumang karagdagan na kailangan mong ibigay.

▼ Mga kwalipikasyon at edukasyon (kung kailangan)

Kumpirmahin ang mga detalye ng iyong nauugnay na kwalipikasyon kung kailangan ito para sa iyong trabaho at tinukoy ng iyong tagapag-empleyo sa pagsusuri ng trabaho.

▼ Kasaysayan ng pagtatrabaho

Maaaring kailangan mong sagutin ang ilang mga tanong tungkol sa mga nakaraan mong trabaho at karanasan.

▼ Mga pangsuportang dokumento

Kailangan mong mag-upload ng mga dokumentong ito, kabilang ang mga nakasalin sa wika, kung mayroon ka ng mga ito:

- ▼ nauugnay na mga pahina ng iyong pasaporte o dokumento sa paglalakbay
- ▼ kung ikaw ay nakatira sa isang bansa na hindi bansa ng iyong pagkamamamayan, ebidensya na marapat kang manirahan sa bansang iyon
- ▼ ang iyong nilagdaang kasunduan sa pagtatrabaho
- ▼ ang paglalarawan ng iyong trabaho
- ▼ ang iyong kwalipikasyon o rehistrasyon ng hanapbuhay, kung kailangan
- ▼ anumang karagdagang ebidensya na susuporta sa iyong aplikasyon (opsyonal).

▼ Maaaring hilingan ka namin na magbigay ng iba pang impormasyon batay sa iyong mga sagot, halimbawa, ang iyong CV (curriculum vitae) o mga masasangguni tungkol sa iyong pagtatrabaho.

▼ Kumpletuhin ang page ng Pagrebyu at deklarasyon at isumite ang iyong aplikasyon.

▼ Bayaran ang aplikasyon. Maaari kang gumamit ng:

- ▼ Visa
- MasterCard
- China UnionPay
- Amex
- JCB
- POLi (internet banking)